## Kuwento 9 : Samson

Talata sa Bibliya [Hukom 16:20b]

**Nagtangkang bumangon si Samson sapagkat akala niya'y makakawala siyang tulad ng dati. Hindi pa niya namamalayang iniwan na siya ni Yahweh.**

Ang mga Israelita ay gumawa ng masasamang bagay sa paningin ng Diyos, kaya naman ibinigay ng Diyos sila sa kamay ng mga Pilistino ng mahabang panahon.

Isang araw, ang isang anghel ay nagpakita sa bahay ni Monoah. Si Monoah ay isang Israelita na wala ng anak.

"Ikaw ay magkakaroon ng anak, ngunit hindi mo maaaring putulin ang kaniyang buhok. Ang batang ito ay mabubuhay upang iligtas ang mga Israelita." Pagkalipas ng panahon, ang asawa ni Monoah ay nanganak ng isang lalaki.

Pinangalanan nila itong "Samson"

Sinamahan ng Diyos si Samson at pinagpala.

Ang buhok ni Samson ay humaba at hindi nga pinutol ng kaniyang magulang ang kaniyang buhok, gaya na lamang ng iniutos ng Anghel. Si Samson ay nabuhay upang maging isang malakas na tao.

Ang mga Pilistino ay natatakot kay Samson dahil sa kaniyang angking lakas.

Si Samson ay lubhang napakalakas kaya naman kaya niyang patayin ang isang batang leon gamit lamang ang kaniyang mga kamay.

Ngunit ang mga Israelita ay natatakot na baka ang mga ginagawa ni Samson ay magdulot ng kaguluhan sa mga Pilistino, kaya naman siya ay hinuli gamit ang dalawang bagong lubid upang mapasakamay siya ng mga Pilistino.

Ngunit ang kapangyarihan ng Diyos ang tumulong kay Samson at ang lubid ay nawasak.

Si Samson ay umibig sa isang magandang babaeng Pilistino na nagngangalang Delilah

Iniibig ni Delilah ang salapi.

Isang araw, nang si Samson ay natutulog, ang mga mambabatas ng Pilistino ay nagpunta kay Delilah.

"Delilah, alamin mo kung saan nanggagaling ang kalakasan ni Samson, kapag nalaman mo ito at sinabi mo kung paano namin siya mahuhuli, gagawin ka naming mayaman." "Simula sa araw na iyon, ginawa ni Delilah ang lahat upang maloko si Samson na ipakita ang pinanggagalingan ng kaniyang lakas."


Ngunit, hindi ibinabahagi ni Samson ang kaniyang sekreto sa babeng Pilistino. Si Samson ay tuluyan ng nagalit dahil sa pangungulit ni Delilah kaya naman kaniya nang sinabi ang tinatago nitong sekreto.



"Delilah, ako ay naging Nazareo at namumuhay para lamang sa Panginoon simula pa lamang ng ako'y ipanganak. Ang ang aking lakas ay nanggagaling sa aking buhok. Kapag ang aking buhok ay pinutol, ang aking lakas at mawawala na din.
Nang si Samson ay natutulog, si Delilah at nagsimula ng putulin ang buhok ni Samson.
Kaya naman, ang lakas ni Samson ay tuluyan ng naglaho. Hinuli ng mga Pilistino si Samson, at itinapon siya sa kulungan.
Sinubukan ni Samson na kumawala ngunit siya ay nanghihina.
Iniwan na ng Diyos si Samson, iniwan niya ito ng walang kakayahan at lakas.
Tinanggal ng mga Pilistino ang mata ni Samson upang hindi siya makakita at maghirap siya sa kulungan.
Subalit ang buhok ni Samson ay nagsimulang lumago muli matapos ang pagputol dito.
Ang mga Pilistino na humuli kay Samson ay nagdiwang.
Ang mga Pilistino ay nagsama-sama sa templo upang pagmasdan at kutyain si Samson.
Si Samson ay nakipag usap sa isang batang lalaki na kaniyang katabi.
Dalhin mo ako kung nasaan ang haligi na nagsusuporta sa templo!
Si Samson ay tumayo sa pagitan ng mga haligi na sumusuporta sa templo. Inilagay ni Samson ang kaniyang mga kamay sa mga haligi na ito at nagdasal sa Panginoon.
"Panginoon, palakasin mo akong muli upang makapaghiganti ako sa mga Pilistino! Hayaan mo akong mamatay kasama ng mga Pilistino.
Matapos niyang magdasal, tinulak niya ang haligi sa abot ng kaniyang makakaya.
Di nagtagal ang templo ay gumuho at ang lahat ng Pilistino ay namatay.
Ang dami ng namatay kasama ni Samson ay tunay na mas mataas ang bilang kaysa sa mga taong kaniyang pinatay noong siya ay nabubuhay pa. Sa pamamagitan nito, si Samson ay namatay kasama ng mga Pilistino.



**Gawain 1.** Gupitin ang mga piraso at pagsama-samahin ang puzzle.



**Gawain 2.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Bakit inihatid ng Diyos ang mga Israelita sa mga Pilistino?

----------------------------------------------------------------

b. Sino ang nagbigay ng lakas kay Samson?

----------------------------------------------------------------

c. Bakit nawalan ng lakas si Samson?

----------------------------------------------------------------

- **Basahin at kabisaduhin ang Bible verse. (Hukom 16:20b)**

**Akala niya'y makakawala siyang tulad ng dati. Hindi pa niya namamalayang iniwan na siya ni Yahweh.**

